# Pagsasanay sa Filipino

Pangalan ____________________________ Petsa _______________ Marka _____

## Pagtukoy sa Pang-abay na Pamaraan

Salungguhitan ang pang-abay na pamaraan sa pangungusap. Gumuhit ng *arrow* mula sa pang-abay hanggang sa pandiwa na inilalarawan ng pang-abay.

1. Ang sanggol sa kuna ay natutulog nang mahimbing.
2. Mahusay tumugtog ng byolin si Angela.
3. Dahil sa galit, umakyat nang padabog ang bata.
4. Matiyagang hinihintay ng mga bata ang kanilang ama.
5. Pahiyaw na tinawag ang pangalan ng lalaki.
6. Dali-daling bumalik si Joy sa kanyang tahanan.
7. Nagulat kami dahil biglang bumukas ang pinto.
8. Malakas na humihilik sa Warren sa gabi.
9. Sinabi ni Gemma sa akin nang pabulong ang sikreto niya.
10. Ang hangin sa tabing-dagat ay umihip nang napakalakas.
11. Naglakad na nakayuko ang malungkot na binata.
12. Nagmamaneho nang maingat ang bagong drayber.
13. Lumabas sa silid na nakapila ang mga mag-aaral.
14. Madali nilang nahanap ang lumang simbahan sa mapa.
15. Isa-isa silang nag-alay ng bulaklak sa imahen.

© 2013 Pia Noche